

BPI-LBNCRDPSC

VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

CORE VALUES

SPICE IT!

Service Orientation. We are proactive and we value our clients.

Professionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

Integrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

Commitment. We work with passion and dedication.

Excellence. We produce the best results.

Innovative. We find new solutions.

Teamwork. We exercise partnership and camaraderie.

Inihanda nina:

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II

Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural
Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based
Home and Community Gardening



Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag o sumulat sa:

THE CENTER CHIEF

BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños, Laguna



(049) 536-0285



(049) 536-7931; 536-0285, 536-6462



bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph



Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
Bureau of Plant Industry
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support
Center

GABAY SA PAGPAPASIBOL NG PUNLA



GABAY SA PAGPAPASIBOL NG PUNLA

Ang pagtatanim ng gulay ay maaaring gawin sa dalawang paraan. Ito ay maaaring:

direktang itanim sa lupang pagtataniman (**direct planting**); o

hindi direktang itanim sa taniman (**indirect planting**).

Ilan sa mga halamang pwedeng itanim ng diretso sa lupang taniman ang okra at mga legumbre gaya ng monggo, sitaw at paayap. Maari ding direktang itanim ang kalabasa, patola, ampalaya, upo, patola at pipino bagamat maaari din itong ipunla muna bago ilipat tanim. Ang mga dahong gulay, "leafy vegetables" gaya ng mustasa, pechay, litsugas ay maari din direktang itanim o ipunla muna bago tuluyang itanim sa lupang taniman. Ang mga halaman naman gaya ng talong, kamatis at sili ay kinakailangang ipunla muna bago ilipat sa lupang taniman.



ampalaya



patola

direkta o hindi direkta



talong



kamatis

hindi direkta



sitaw



okra

direkta

Paghahanda ng Punla at Paglilipat Tanim

1. Ihanda ang media na pagpupunlaan. Ito ay binubuo ng 1 bahagi ng garden soil, 1bahagi ng kompos at isang bahagi ng coir dust o carbonized rice hull (1:1:1).
2. Ilagay ang hinalong media sa pagpupunlaan (maaring gumamit ng seedling tray o anumang kahon o container na hindi na ginagamit).
3. Lagyan ng butas na may lalim na 1 o 2cm ang lupang punlaan.
4. Para sa maliliit na buto gaya ng buto ng talong, kamatis, sili at pechay, maghulog ng dalawa (2) o tatlong (3) buto sa bawat butas at bahagyang tabunan. Para sa malalaking buto gaya ng ampalaya, patola at kalabasa, maglagay lamang ng isang (1) buto sa bawat butas.
5. Ilagay ang punla sa lugar na di masyadong matindi ang sikat ng araw. Maaring maglagay ng bubong na plastik, net o dahon upang masala ang sikat ng araw at hindi rin maapektuhan ng malakas na buhos ng ulan ang punla.
6. Diligan ang punla araw-araw subalit huwag hayaang malunod ito sa tubig.
7. Kapag sumibol na ay magbawas ng punla sa isang butas sa pamamagitan ng paglilipat dito sa ibang bakanteng butas upang mas makalaki ito.
8. Diligan ng vermi tea o Fermented Plant Juice (FPJ) ang punla dalawang beses sa isang linggo.
9. Maari ding diligan ng natural na pangkontrol sa kulisap/insekto ang punla kung kinakailangan. Ang paglalagay ng yellow sticky trap malapit sa punla ay maaaring gawin bilang pangkontrol sa insekto na maaaring makapinsala sa punla

10. Maari nang maglipat tanim 3 linggo pagkasibol ng punla o kapag ito ay nagtataglay na ng 3 o 5 dahon.

11. Bago maglipat tanim ay unti-unti bawasan ang dami ng tubig na idinidilig at unti unti na itong ilabas sa arawan (hardening). Gawin ito 3 araw bago maglipat tanim para sa mga solanaceous crops (talong, kamatis, sili) at 7 araw bago maglipat tanim sa mga cucurbits (kalabasa, ampalaya, upo, patola atbp.)

12. Isagawa ang paglilipat tanim sa umaga o sa dakong hapon kung kailan hindi matindi ang sikat ng araw upang hindi mabigla ang pananim.



References:

International Institute of Rural Reconstruction. 2016. Integrated Community Food Production: A Compendium of Climate-resilient Agriculture Options.
Seedling establishment practices in BPI-LBNCRDPSC